

## Pagtanaw sa Kasaysayan, Paghahanda sa Himagsikan: Mga Ideya ng Katipunan, 1892-1897\*

MILAGROS C. GUERRERO

The writings of the leaders of the Katipunan, Andres Bonifacio and Emilio Jacinto, fueled a widely accepted belief among scholars and historians that the revolutionary movement's ideas were not only unsophisticated repetitions based on the works of the propagandists, the most compelling of which are the novels of Jose Rizal, but were also said to be narrow in terms of scope and intent. It has been common practice to denigrate the contributions of Bonifacio and Jacinto due to their non-*ilustrado* backgrounds. Many historians have perpetuated the misconception that the Katipunan's hopes and aspirations for the country were limited. They were regionalistic because of their reference to the motherland as the "land of the Tagalogs." But a closer examination of the written works of Bonifacio and Jacinto reveals a simple but exhaustive political discourse that would provide guidance for an unpoliticized people wanting to be free of their colonial masters. While the Spanish government dismissed the revolt as an isolated Tagalog uprising, the Katipunan was aiming for the integration of all ethno-linguistic groups. In *Kartilya*, Jacinto referred to the Tagalogs as those raised in the archipelago, embracing all inhabitants regardless of regional affiliation. Carlos V. Ronquillo, personal secretary of revolutionary president Emilio Aguinaldo, likewise spoke of this in his memoirs, stating that Tagalog actually meant *taga-ilog* or those who live by the river.

That the Katipunan was an offshoot of the *ilustrado*-led propaganda movement, which was at the time pressing for mere reforms and not independence from Spain, was another lie perpetuated by many historians. By addressing their countrymen as Filipinos instead of Tagalogs, Rizal and Graciano Lopez Jaena appeared to have had the intention of creating a different national identity when in fact *Filipino* was a Spanish term for Spaniards born in the Philippines. This is not surprising considering that the *ilustrados* demanded mere reforms from Mother Spain that would benefit their kind and not independence that would benefit all.

Bonifacio also realized the power of a separate history for the Tagalog people though he suffers in Rizal's long shadow. The reader need not bother with Rizal's version of Antonio de Morga's *Sucesos de las Islas* if he has breathed in Bonifacio's *Katapusang Hibik ng Pilipinas*, the latter a 14-stanza chronicle of life under Spain. Rizal's *Noli Me Tangere* and the *El Filibusterismo*, though undisputed classics, were read and understood only by the few who managed to secure smuggled copies. The *Solidaridad*, a major propaganda vehicle, was of brief and limited circulation. By using the more commonly used Tagalog, Bonifacio brought the Katipunan's vision closer to the heart of the people. Ignored for a hundred years, the "unsophisticated" legacy of Bonifacio, Jacinto and the Katipunan remains the most enlightened, unsurpassed by the most brilliant minds of the propaganda movement.

---

\*The author acknowledges the support extended by the National Centennial Commission for the research and writing of this paper.

Layunin ng sanaysay na ito na ipakita na bagama't iilan lamang ang maituturing na mga akda ng Katipunan, na sa loob nito ang isang masusing pagtanaw sa kasaysayan bilang kapaligiran ng pagbabago at ng isang makatwirang ideolohiya upang makabuo ng isang istrukturang papalit sa kaayusang kolonyal sakaling magwagi ang himagsikan. Kahit kakaunti ang mga obra nina Bonifacio at Jacinto, hitik naman ang mga ito sa mga yamang diwa tungkol sa pagbubuo at integrasyon ng sangbayanan. Kung susuriing mabuti, nasa loob ng kanilang mga obra ang isang diskursong pangpulitika, na bagama't payak, ay maari namang ituring na sapat na patnubay ng mga mamamayang nagnanais na lumaya sa rehimeng kastila at makapaglingkod sa bayan. Sa kritikang ito, ginamit ko ang teksto ng mga tula, pahayag at sanaysay nina Bonifacio at Jacinto na nilikom ni Rio Alma sa kanyang *Panitikan ng Rebolusyon (g 1896)*. (Almario, 1993)

Naghahanap tayo ng ideolohiya ng himagsikan at pilit na inuugat ang pagsambulat ng himagsikan sa mga obra ng mga propagandista, lalo na kay Rizal gayong wala naman doon. Tila bulag ang mga pantas ng kasaysayan at mga agham panlipunan na hindi napapansin o pilit na hindi pinapansin ang mga obra ni Andres Bonifacio at Emilio Jacinto. Dahil hindi mga ilustrado, at kung si Jacinto ma'y nakapasok sa pamantasan ay hindi naman nakapagtapos, minaliit at minata ang kanilang mga ideya. Nasabi ng isang historyador na ang ideolohiya ng Katipunan (ibig sabihin, ni Bonifacio) ay napakapayak (*"inchoate"*) sapagkat nagsisimula pa lamang ang pulitasyon ng bayan. Kaya naman ang inadhikang demokrasya'y pinakamababang antas nito sa anyo ng isang lamang malabong pagkakapantay-pantay ng tao. (Constantino, 1975: 166)

Natural lamang kung ituring ng mga espanyol mismo ang himagsikan ng 1896 na "isang rebelyon ng mga tagalog laban sa dominasyon ng mga kastila." (Sastron, 1897: 25) Hindi nila sukat maisip na may kakayahan ang kanilang nasasakupang iba't ibang grupong etnolingwistiko na magkaisa bilang isang lahi at bayan. Kaya nararapat lamang na igpawan ang bayas o makiling na opinyong ito, lalo na't salungat naman ito sa katotohanan. Sa kasamaang palad, nagpapatuloy pa rin ang maling paniniwalang ito.

Ayon naman kay O. D. Corpuz, isa pa ring historyador, itinuturing daw ng mga historyador at mananalambuhay na isang malaking kapintasan

nina Bonifacio at Jacinto ang rehiyonalismong tagalog ng mga ito. Ibig sabihin, walang kamalayang pangbayan at pambansa at makipot ang daigdig na ginagalawan at nais na likhain. Kaya lamang naigpawan ng Katipunan ang katangiang ito, aniya, nang lumaganap ito sa mga lalawigang hindi tagalog. Ang mga mensahe di-umano ni Bonifacio ay nakatungkol sa mga tagalog lamang at hindi sa mga pilipino. Maliwanag daw ito sa mga obra ng Supremo ng Katipunan: *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog at Pagibig sa Tinubuang Lupa*. Dito, sabi ni Corpuz, ang bayan (“country”) ay tinawag na “Sangkatagalugan” o “Katagalugan,” na isinalin niya sa ingles na “*land of the Tagalogs.*” Maliwanag din daw ang rehiyonalismong ito sa *Kartilya* ni Jacinto. (Corpuz, 1989: II, 219-220)

Sa katotohanan, nagkamali ang naturang historyador at ang kanyang mga kapwa pantas dahil lamang sa kawalang-ingat sa pagbabasa ng mga batis. Maliwanag sa *Kartilya* na “*sa salitang tagalog katutura’y ang lahat ng tumubo sa Sangkapaluang ito; sa makatuid, bisaya man, iloko man, kapangpangan man, etc., ay tagalog din.*” Ang konseptong ito ni Jacinto ay sinusugan naman ni Carlos V. Ronquillo, rebolusyonaryong taga Cavite at personal na kalihim ni Emilio Aguinaldo sa kanyang talaarawan *Paghihimagsik Nang 1896-1897*.

Ito ang dapat unawain ng mga bumabasa: sa tawag naming tagalog na makikita sa baw’t dahon halos ng kasaysayang ito, ay di ang ibig naming sabih’y ang paris ng palagay ng iba, na iniuukol lamang sa mga tubong Maynila, Kabite at Bulakan, at iba pa, hinde kundi ang ibig naming tukuyin ay Filipinas . . . sapagka’t sa palagay namin ay ganito ang talagang nararapat ikapit sa tanang anak ng kapilipinuhan. Ang tagalog o lalong malinaw, ang tawag na “tagalog” ay walang ibang kahulugan kundi ‘tagailog’ na sa tuwirang paghuhulo ay taong maibiging manira sa tabi ng ilog, bagay na di maikakaila sa siyang talagang hilig ng tanang anak ng Pilipinas, saa’t saan mang pulo at bayan. (Ronquillo, 1898)

Samakatwid, ang tamang depinisyon ng “tagalog,” ayon kay Bonifacio at Jacinto, ay lahat ng ipinanganak sa kapuluan, ano mang uring etnolingwistiko nabibilang ang tao. Dapat isiping ng mga panahong yaon, ang salitang “Filipino” ay inalalapat lamang sa mga Espanyol na ipinanganak sa Pilipinas. Inangkin ng mga propagandista sa Espanya, lalo na nina Jose Rizal at Graciano Lopez Jaena ang salitang “Filipino”

bilang pangalan ng lahat ng mga tao sa kapuluan. Idagdag pang walang hangarin ang mga ilustrado na ipaglaban ang kalayaan ng bayan kundi ang makamit lamang ang mga repormang kakabit ng asimilasyon ng Pilipinas sa tinatawag nilang “Madre España.”

Sinasabi ng ilang mga historyador na ang Katipunan at ang himagsikan ay supling lamang ng kilusang propaganda. Ang pagkakaiba ng pagbibigay ng pangalan sa mga mamamayang bubuo ng bayan (“Filipinas” para sa mga ilustrado at “Katagalugan” para sa katipunan) ay patunay lamang ng magkahiwalay na landas ng dalawang kilusan, at, tumbalik sa alegasyon ng nasabing mga pantas, hindi pagpapatuloy ng kilusang propagandista tungo sa kilusang mapaghimagsik. Sa paggamit ng “tagalog” bilang pangalan ng mga mamamayan at ng “Katagalugan” bilang pangalan ng bayan, sa halip na “Filipinas” na may ugat na kolonyal, tinangka ni Bonifacio at ng Katipunan na malayang makapagpanday ng isang identidad o kakanyahang pangbayan at pambansa.

Ayon sa Kartilya, na sinulat at nilimbag noong 1896, layunin ng kilusan, na “lubos na dakila’t mahalaga” na “papag-isahin ang loob at kaisipan ng lahat ng mga Tagalog sa pamamagitan ng isang mahigpit na panunumpa upang sa pagkakaisang ito’y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katwiran at Kaliwanagan.” (Almario, 1993: 156)

Sa maingat na pagsusuri ng “*Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog*,” unang pahayag o manipestong sinulat ni Bonifacio sa ilalim ng sagisag-panulat na “Agapito Bagumbayan” para sa *Kalayaan*, gagamitin ni Bonifacio ang Kasaysayan upang mawasak ang kadilimang bumubulag sa mga pilipino. Kumbinsido si Bonifacio na ang kasaysayan ay isang instrumento at armas ng pagpapalaya. Ayon kay Artemio Ricarte, malimit bigkasin ni Bonifacio na “Matakot kayo sa Kasaysayan, na siyang di mapagkakailaan ng inyong mga kagagawan.” (Ricarte, 1927:76)

Sa paglikha ng isang mapagpalayang istoryograpiya, iginiit ni Bonifacio na ang mga tagalog ay may kultura at sibilisasyong sukat ipagmalaki at naturol niya sa pamamagitan ng paglikom ng mga datos ng kasaysayang kolonyal, ang mga puwersang dumadayukdok sa mga pilipino. Aniya,

Itong Katagalugan na pinamamahalaan noong unang panahon ng ating tunay na mga kababayan, noong hindi pa tumutuntong sa mga lupaing ito ang mga Kastila, ay nabubuhay sa lubos na kasaganaan at kaginhawaan. Kasundo niya ang mga kapitbayan at lalong-lalo na ang mga taga-Hapon. Sila'y kabilihan at kapalitan ng mga kalakal, malabis ang pagyabong ng lahat ng pinagkakakitaan, kaya't dahil dito'y mayaman ang kaasalan ng lahat. Bata't matanda at sampung mga babae ay marunong bumasa at sumulat ng talagang pagsulat nating mga Tagalog. Dumating ang mga Kastila at dumulog na nakipagkaibigan. Sa mabuti nilang hikayat na diumano tayo'y aakayin sa lalong kagalingan at lalong imumulat ang ating kaisipan, ang nasabing nagsisipamahala ay nangyaring nalamuyot sa tamis ng kanilang dila sa paghibo. Gayunman, sila'y ipinailalim sa talagang kaugalian ng mga Tagalog na sinaksihan at pinapagtibay ang kanilang pinagkayarian sa pamamagitan ng isang panunumpa na kumuha ng kaunting dugo sa kani-kanilang mga ugat at yao'y inihalo't ininom nila kapwa tanda ng tunay at lubos na pagtatapat na di magtataksil sa pinagkayarian. Ito'y siyang tinatawag na *Pacto de Sangre* ng Haring Sikatuna at ni Legazpi na pinakakatawan ng hari ng Espanya.

Buhat ng ito'y mangyari ay bumibilang na ngayon sa tatlong dantaong mahigit na ang lahi ni Legazpi ay ating binubuhay sa lubos na kasaganaan; ating pinagtatamasa at binubusog kahit abutin natin ang kasalatan at kadayukdukan; iginugugol natin ang yaman, dugo, at sampu ng buhay sa pagtatanggol sa kanila; kinakahamok natin sampu ng tunay na mga kababayan na aayaw pumayag na sa kanila'y pasakop; at gayundin naman, nakibaka tayo sa mga Intsik at mga Olandes na nagbalang umagaw sa kanila nitong Katagalugan.

Ngayon, sa lahat ng ito'y ano ang sa mga ginawa nating paggugugol ang nakikitang kaginhawang ibinigay sa ating Bayan. Ano ang nakikita nating pagtupad sa kanilang kapangakuan na siyang naging dahilan ng ating paggugugol? Wala kundi pawang kataksilan ang ganti sa ating mga pagpapala at mga pagtupad sa kanilang ipinangakong tayo'y gigisingin sa kagalingan at bagkus tayo'ng binulag, inihawa tayo sa kanilang hamak na asal, pinilit na sinira ang mahal at magandang ugali ng ating Bayan. Iminulat tayo sa isang maling pagsampalataya at isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan. At kung tayo'y mangahas humingi ng kahit gabahid na lingap, ang nagiging kasagutan ay ang tayo'y itapon at ilayo sa piling ng ating minamahal na

anak, asawa, at matandang magulang. Ang bawat himutok na pumulas sa ating dibdib ay itinuturing na isang malaking pagkakasala at karakarakang nilalapatan ng sa hayop na kabangisan.

Ang balangkas ng kasaysayang inihapag ni Bonifacio, ayon kay John N. Schumacher, ay patunay lamang ng “hindi maipagkakamaling” (*unmistakeable*) pagpapatuloy ng kaisipan – ginamit niya ang salitang *lineage* – ni Rizal tungo kay Bonifacio. Aniya, *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog* parang isang buod o paglalagom ng istoryograpiya ni Rizal. (Schumacher, 1991: 114-115) Ipinahihwatig ng historyador na kung hindi pa naisulat ni Rizal ang kanyang limbag ng *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga at ang dalawa niyang nobela, *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, wala pang mababasa at makakatas si Bonifacio upang maisulat *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog* at iba pang obra. Samakatwid, ang mga obra ni Bonifacio ay “anak” lamang ng mga obra ni Rizal!

Magugunitang ang limbag ni Rizal ng *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga ang naglalaman ng pananaw ng bayani sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang kronika ni Morga sa mga unang taon ng ikalabingpitong daantaon ay naglalahad ng sitwasyon sa Pilipinas sa maagang panahon ng pananakop ng mga kastila at ng mga katangian ng matandang lipunan bago ito sumailalim sa bisa at kapangyarihan ng mga kolonisador. Ang mga paglalahad ni Morga tungkol sa kulturang pilipino ay sinagot ng marami at masinsing mga anotasyon ni Rizal na nagpapatibay sa mataas na antas ng ating kabihasan at ng mga mapangwasak na bunga ng kolonisasyon. Para kay Rizal, gigisingin ng kanyang Morga ang kamalayan ng mga Pilipino tungkol sa kanilang kahapon upang kanilang mapagaralan ang kanilang kinabukasan. (Morga/Rizal, 1890: v-vi) Samantala, ang kanyang *Noli* ay naglalantad ng “kasalukuyang estado ng ating amang bayan,” isang walang habas na kritika ng sistemang kolonyal at ibinunga nitong mga pilipinong sunud-sunuran at may ugaling alipin.

Maaring sabihin na ang isang Bonifacio na naging edukado sa sariling sikap o si Jacinto na nakapagalar sa Unibersidad ng Santo Tomas ay nakabasa ng mga obra ng mga propagandista, lalo na nga ang mga nobela ni Rizal o ng ilang limbag ng *Solidaridad*. Ngunit dapat din namang aminin na napakalimitado ang sirkulasyon ng mga obra ng mga propagandista. Ang mga kopya ng *Solidaridad*, na ipinagbabawal ng mga awtoridad, ay mga puslit lamang sa adwana. Idagdag pa dito na halos

lahat ng mga ito'y nasusulat sa Espanyol at patungkol sa mga nakapangyayaring uri na nagsasalita ng wikang ito. Ayon na rin kay Schumacher, walang ebidensya ng kahit na anong sirkulasyon ng limbag ni Rizal ng aklat ni Morga, kahit na doon sa marunong ng Espanyol na nakabasa ng kanyang mga nobela. (Schumacher, 117)

Pagkatapos na mailantad sa *Noli* ang karumaldumal na sitwasyon ng Pilipinas, itinuro naman ni Rizal sa *Fili* ang direksyon tungo sa pagbabago. Dalawa lamang ito, ang landas ni Simoun o ang landas ni Padre Florentino. Ang tanong, ilan kaya sa mga Pilipino noong huling dekada ng nakalipas na siglo ang nakabasa sa mga nobelang ito, lalo na kay Morga na pawang nakasulat sa wikang espanyol at sa pagkabasa'y nakuha pa ang tamang interpretasyon? Samantala tila hindi kapanipaniwala na si Rizal lamang ang batis ni Bonifacio ngunit kung pagbibigyan ang teoryang nabanggit, nasapul nang huli sa isang pahayag na may aanim na talata ang misyon at bisyon ng mga anotasyon ni Rizal kay Morga, pati na ang *Noli* at *Fili*. Kung gayon ang pagkamalikhain ni Bonifacio at paggagap ng lapit sa paksa sa isang estratehiyang mauunawaan ng balana ay isang likas na kakayahang di maaangkin ng iba.

Ang wika ng pahayag ni Bonifacio ay Tagalog, na siyang taal na gamit ng nakararami sa Maynila't kapaligiran nito at kanugnog na mga lalawigan. Bagamat kulang marahil sa tono ng isang pantas na nakalubog sa isang pangakademikong pagsusuri, taglay ng *Ang Dapat na Mabatid* ang maapoy at makabagbag na pagamuki sa bayan upang kumilos at magbangon sa pagkakimi at pagkaapi. Sinasabi ni Bonifacio na kung alam na ng bayan ang kanyang kasaysayan, kung natigatig ito sa abang pagkaapi, hindi na kailangan pang maghintay na anumang ginhawang magmumula sa Espanya. Aniya, bilang pagpapatuloy ng manipesto:

“Ano ang nararapat nating gawin? Ang araw ng katwiran na sumisikat sa Silanganan ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan ang landas na dapat nating tunguhin. Ang liwanag niya'y tanaw sa ating mga mata ang kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Itinuturo ng katwiran na wala tayong iba pang maaantay kundi lalo't lalong kahirapan, lalo't lalong kataksilan, lalo't lalong kaalipustaan, at lalo't lalong kaalipinan. Itinuturo ng katwiran na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asa sa ipinangakong kaginhawahan na hindi darating at hindi mangyayari.

Itinuturo ng katwiran na tayo'y umasa sa ating sarili at huwag antayin sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo ng katwiran na tayo'y magkaisang-loob, magkaisang-isip at akala, at nang tayo'y magkalakas na maihanap ang naghaharing kasamaan sa ating bayan.(Almario, 1993:153)

Sa kanyang tulang *Katapusang Hibik ng Filipinas* na may labing-apat na saknong lamang, nilagom ni Bonifacio ang kasaysayan ng mga pilipino sa ilalim ng mga kastila. Dadagok sa puso at diwa ng sinumang kapanahon ni Bonifacio na babasa ng tula ang sakit at tindi ng pagkaalipin, diretsahan mang naranasan ito o makipagsimpatya lamang sa mga kababayang naging biktima ng tiraniya ng kolonisador. Sinipi ko ang buong tula upang makita ng babasa na unawa ng awtor ang lawak ng tiraniya ng Espanya. Totoo ba ang mga hinaing na ito? Ang historyador ay di na kailangang maglakbay pa sa mga sinupan ng Espanya upang makalikom ng maraming mga tala upang patibayin ang mga sakdal ni Bonifacio. Sa kasamaang palad, sa kabila ng laki ng salaping nagugol sa di-umanoy paggunita at selebrasyon sa sentenaryo ng himagsikan ng 1896, huli pa rin at wala pang sagana at mahalagang pagsusulit ng himagsikan na maaring maidagdag sa *The Revolt of the Masses* ni Teodoro Agoncillo.

Sumikat na Ina sa sinisilangan  
 Ang araw ng poot ng Katagalugan  
 Tatlong daang taong aming iningatan  
 Sa dagat ng dusa ng karalitaan

Walang isinuway kaming iyong anak  
 Sa bagyong masasal ng dalita't hirap  
 lisa ang puso nitong Filipinas  
 At ikaw ay di na Ina naming lahat.

Sa kapuwa ina'y wala kang kaparis  
 Ang layaw ng anak dalita't pasakit  
 Pag nagpatirapang sa iyo'y humibik  
 Lunas na gamot mo ay kasakit-sakit.

Gapusing mahigpit ang mga Tagalog  
 Hinain sa sikad, kulata at suntok,  
 Makinahi't 'biting parang isang hayop  
 Ito baga, Ina, ang iyong pagirog?

Ipabilanggo mo't sa daga't itapon,  
 Barilin, lasunin nang kami'y malipol,  
 Sa aming Tagalog ito baga'y hatol,  
 Inang mahabagjin, sa lahat ng kampon?

Aming tinitiiis hanggang sa mamatay,  
 Bangkay nang mistula ayaw pang tigilan  
 Kaya kung ihulog sa mga libingan  
 Linsad na ang buto't lamuray ang laman.

Wala nang namana itong Filipinas  
 Na layaw sa Ina kundi nga ang hirap;  
 Tiis ay pasulong, patente'y nagkalat,  
 Rekargo't imp'westo'y nagsala-salabat.

Sarisaring silo sa ami'y inisip  
 Kasabay ang utos tutuparing pilit;  
 May sa alumbrado bayad kami'y tikis  
 Kahit isang ilaw ay walang masilip.

Ang lupa at bahay na tinatahanan,  
 Bukid at tubigang kalawak-lawakan  
 At gayundin naman mga halamanan  
 Sa paring Kastila ay binubuwisan.

Bukod pa sa rito'y (marami pang iba.)  
 Huwag nang saysayin, O Inang Espanya!  
 Sunod kaming lahat hanggang may hininga  
 Tagalog di'y siyang minamasama pa.

Ikaw nga O Inang pabaya't sukaban,  
 Kami'y di na sa iyo saanman humangan,  
 Ihanda mo, Ina, ang paglilibingan  
 Sa mawawakawak na maraming bangkay

Sa sangmaliwanag ngayon ay sasabog  
 Ang barila't kanyong katulad ay kulog;  
 Ang sigwang masasal ng dugong aagos  
 Ng kanilang bala na nagpapamook.

Di na kailangan sa Espanya'ng awa  
 Ng mga Tagalog, O! Inang kuhila;  
 Paraiso namin ang kami'y mapuksa  
 [At] langit mo naman kung kami'y madusta.

Paalam na, Ina, itong Filipinas,  
 Paalam na, Ina, itong nasa hirap;  
 Paalam, paalam, Inang walang habag,  
 Paalam na ngayon, katapusang tawag. (Almario, 1993: 145-146)

Sa kabila ng tindi at lalim ng poot laban sa Espanya na nakapaloob sa tula, may isang programa ng pagkilos na kaakibat ng pagkamulat ng bayan. Ang Espanya'y itinuring na ina, bilang ekstensyon ng paniniwalang mayroon ngang kontratang *Pacto de Sangre* sa pagitan ng mga pilipino at mga espanyol. Sa bandang huli, tanging ang pagtalikod sa itinuring na ina at ang kahandaang kailangang talunin ito sa isang madugong paghahamok at himagsikan ang makakatiyak sa inaasahang kalayaan.

Noong Agosto 1897 – kinain na ng mga uod ang bangkay ni Bonifacio sa isang burol sa Maragondon – nagpalabas ng pahayag si Emilio Jacinto “sa lahat ng taong may bait at puri, may dangal at lupang tinubuan” na nagpapahiwatig na ang karapatang magalsa sa isang himagsikan ay karapatan ng lahat ng tao sa daigdig. Aniya:

Hindi kami natangi ng mga lahi. Tinatawagan namin ang lahat ng may iwing puri at pamahalaan ng isang may paglingap sa kanyang bayan. Gayon ang Katagalugan, para ng taga-Asia, Amerika o Europa, tayong lahat ay nagdurusa; at lahat ng nagsisipagdusa ay aming inaanyayahang ibangon ang isang bayang inilugmok, pinasakitan, isang Inang Bayang minunglay at itinulak sa putik ng kaalipustaan. (Almario, 1993:183)

Ayon sa Kartilya, kinakailangang baguhin ng tao ang loob at nakaugaliang pagkasilóng o panganganino upang maihanda ang sarili sa napipintong pagkakaisa at pakikipaglaban sa mga tiranong Kastila. Ang *Mga Aral ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan* ay hindi nakasalig sa mga masalimuot na mga alituntunin o batas mula sa Kanluran; sumasalok ang mga ito sa mga matatandang kasabihan, sa espiritwalidad ng katutubong kristyanismo (*folk Christianity*) at sa kabanalang nagmumula sa Bibliya. Sapagkat palasak na mga aral, ang mga ito'y halos hindi mapansin maging sa kasalukuyang panahon. Sa panahon ni Bonifacio,

ang adhikaing mabuhay ng marangal ay masidhi sa mga taong inagawan ng karangalan. Kaya kailangang makaigpaw ang masang indyo sa dimaulatang kakimian.

Halos lahat ng mga aral, labintatlong lahat, ay tumutungkol sa pamumuhay na marangal. Lahat ng tao'y pantay-pantay at hindi idinidikta ang pagkaungos ng isa sa iba sa kulay ng balat, taas o tangos ng ilong. Ito'y isang aral na kailangang ipagdiinan upang mawasak ang kompleks ng pamamanginoon na itanim ng mga prayleng kastila. Kailangan umibig ang tao sa kapwa upang matupad ang Katwiran (o hustisya) para sa lahat. Ang marangal na tao'y gumagalang sa karangalan ng kanyang kapwa. "Ang di mo ibig gawin sa asawa mo, anak at kapatid ay huwag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba." "Wagas at tunay na mahal na tao kahit laking-gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika; yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan." (Almario, 1993: 157-158)

Yaon lamang nagaakalang matutupad ang mga tungkuling nabanggit ang maaring sumapi sa Katipunan. Ipinapahayag sa ikalabing-apat na punto sa Kartilya ang pagasa at pagtitiwala na ang paglakas at pagbabago ng loob ng bawat tao sa kapuluan, na "paglaganap ng mga aral na ito at maningning na sumikat ang araw na mahal na Kalayaan dito sa kaaba-abang Sangkapuluan at sabugan ng matamis niyang liwanag ang nangagkaisang magkalahi't magkakapatid ng ligayang walang katapusan, ang mga ginugol na buhay, pagod at mga tiniis na kahirapa'y labis nang natumbasan." Idagdag pang kung ang mga katangiang ito'y mananatili pagkatapos na makamit ang kalayaan, hindi masalimuot at masuliranin ang pamahalaang bubuuin ng mararangal na mamamayang nagmamahal sa bayan.

Malaki ang responsabilidad at maraming tungkuling hinihingi sa taong nagmamahal sa kanyang bayan. Ito ay sa dahilang wala nang pagibig pang hihigit – "sa pagkadalisa'y at pagkadakila" – kaysa sa pagibig sa tinubuang lupa. Ayon kay Bonifacio, sa kanyang tulang *Pagibig sa Tinubuang Bayan*,

Walang mahalagang hindi inihandog  
 Ng may pusong mahal sa Bayang nagkukup  
 Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod  
 Buhay ma'y abuting magkalagot-lagot. (Almario, 1993:141)

Ang kapakanan ng Bayan ay higit na mataas ang kahalagahan kaysa sa sarili, kaibigan at pamilya. Kaya

Kung ang Bayang ito'y nasasapanganib  
At siya ay dapat na ipagtangkilik,  
Ang anak, asawa, magulang, kapatid  
Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.

Ang buhay na taglay ang pinakahuling iaalay para sa bayan.

Ipaghandog-handog ang buong pag-ibig,  
Hanggang sa may dugo'y ubusing itigis,  
Kung sa pagtatanggol, buhay ay (mapatid)  
Ito'y kapalaran at tunay na langit.

Ang tulang sinipi ay maituturing na paghahanda ng loob ng mga Katipunero sa napipintong madugong pakikihamak. Ganito rin ang puntirya ng *Pahayag*, isang alegorya ni Jacinto sa kung saan may paguusap ang isang kabataang tagalog at si Kalayaan. Ipinakilala ni Kalayaan ang kanyang sarili bilang “simula ng mga bagay na higit na dakila, na maaring matamo ng sangkatauhan, . . . nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikita kundi ang higit na kabutihan ng lahat.” Ang mga nahirating magtiis, magdusa at lumuha sa pangaapi at pagdusta ay walang karapatang adhikain ang kalayaan. Dagdag pa ni Kalayaan, “walang tao na karapat-dapat sa aking pangangalaga at kalinga kung hindi siya pumipintuho sa akin at umiibig sa akin, at kung wala siyang kakayahang mamatay para sa aking adhika.” (Almario, 1993:163)

Sa *Liwanag at Dilim*, ididiin ng may dahas ni Jacinto na “kung ang Kalayaan ay wala, ang kamatayan ay makalibo pang matamis kaysa kabuhayan.” Ang kalayaan ay isang karapatang ipinakikipaglaban. Sa tanong na bakit ang Tagalog ay kulang-kulang na apat na siglong namuhay sa kaalipinan at katampalasanan ng mga Kastila, sinagot ni Jacinto na ito'y sa dahilang kanyang “itinakwil at pinayurakan ang Kalayaang ipinagkaloob ng Maykapal upang mabuhay sa kaginhawaan; at dahil dito nga'y nawala sa mga mata ang ilaw at lumayo sa puso ang kapatak mang ligaya.” (Almario, 169)

Nang magsimula na ang himagsikan, uulitin ni Bonifacio ang puntong ito sa kanyang pahayag *Katipunang Mararahas ng mga Anak ng Bayan*. “Sa inyong pamimiyapis, mangyayaring abutin ang kayo’y tanghaling bangkay sa gitna ng parang ng pakikidigma. Ngunit ito’y kapurihang maipamamana sa ating Bayan, sa ating lahi, at sa ating angkan. Ang inyong mapupugtong hininga ay siyang magbibigay-buhay sa ating bayan at siyang matamis na alaala sa gunita ng inyong mga kapatid na maiiwan.”(Almario, 1993: 154)

Ang katapusan ng landas ng pakikihamok sa mga Kastila ay kalayaan. Magmula ika-24 ng Agosto, 1896, naging isang hayag at lantad na *de factong* pamahalaan ang Katipunan. Ang pamahalaang ito ang ipinagtanggol ni Bonifacio sa Tejeros, Cavite. Nang tanungin si Bonifacio sa pulong ng Tejeros kung ano ang ibig sabihin ng letrang “K” sa bandila ng Katipunan, tumugon ito na ang letrang nabanggit ay nanganga-hulugan ng “kalayaan” at ipinaliwanag na “mula sa Ktt. Pamunuan ng Katipunan, hanggan sa kababa-babaan, ay nagkakaisang gumagalang sa pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay; namuhunan ng dugo at buhay laban sa Hari, upang makapagtatag ng sarili at malayang Pamahalaan, na samakatwid, ay mamahala ang Bayan sa Bayan, at hindi ang isa o dalawang tao lamang.” (Guerrero, et. al, 1996:7)

Matayog ang kaisipang ito tungkol sa kalayaan at pamahalaan. Mahirap maintindihan ng maraming historyador na sanay sa masalimuot (*complex*) na mga pilosopiya mula sa ibang bansa na kaya palang gagapin ng isang hindi nakapagaral na katulad ni Bonifacio ang malalalim na mga konsepto ng kalayaan, pamahalaan at himagsikan. Sa pangmamata at pagupasala sa lider ng Katipunan, halimbawa ni Nick Joaquin, si Bonifacio at ang kanyang mga katipunerong taga-Maynila, kasama na si Jacinto, ay mga ambisyoso, palalo at walang muwang na mga pangahas. Tama lang na napasosila sa sunod-sunod na pagkatalo nang sumambulat ang himagsikan. (Joaquin, 1977: 155) Kaya naman mabilis ang pagtanggap ng mga pantas na ito sa pahayag ni Emilio Aguinaldo noong ika-31 ng Oktubre 1896 na lumilikha ng isang pamahalaang ibabatay sa mga kokopyahing alituntunin mula sa Estados Unidos (Achutegui at Bernad, 1972: 32-33) na isang patunay ng “political maturity” ng nasabing lider.

Sa kasalukuyang *academic scholarship*, halos hindi napapansin na isang malaking seksyon ng *Liwanag at Dilim* ni Jacinto (na may pamagat na “Ang Bayan at ang mga Pinuno”) ay binubuo ng isang diskurso tungkol sa lipunan at pamahalaang bubuuin pagkatapos na makamit ang kalayaan. Matalik na magkaibigan, halos magkapatid na, walang salang may mga kontribusyon si Bonifacio sa obra ng nakababatang Jacinto. Alam nilang tila pagahon sa matarik at mabatong bundok ang pagbabago ng lipunang Tagalog at paghahanda nito sa pananagumpay ng himagsikan. Bagama’t puno ng pagasa, matimpi ang kanilang pananalita: “bumanaag na sa langit na ating sinisilungan ang liwayway ng Kalayaan;” ang landas tungo dito “ay panatang lalakaran.” Alam nating pinakamatagal ang paghihintay mula sa unang banaag ng umaga sa pagsilay ng araw sa bukang liwayway. Sa debosyon, bihirang pagbigyan ang hinihiling sa biglaang dalangin; kinakailangang ang matagal na pamamanata.

Ngunit kung napakahirap na gawain ang talunin ang mga kolonisador, kasing bigat at nakakatakot ang susunod na gawaing pagbubuo ng bayan. “Ngayon nga dapat na tantuin ng Anak ng Bayan ang maraming bagay na di naaring kanyang matanto sa kapanahunang inaalipin ng Kastila.” Masarap namnamin ang tagumpay ng pakikilaban. Ngunit ang bagong responsabilidad ay “kinakailangang maalaman, pagkat siyang bulaklak kung baga sa bunga, ang hangin kung baga sa layag, at dahil sa nagtuturo na kung ano ang Bayan at kung ano ang Gobyerno upang maging tunay at manatili sa isa’t isa ang bigat na dapat taglayin sa timbangan ng katwiran.” Kailangan ito, upang hindi “masayang ang dimasukat mong mga pinuhunan.” (Almario, 1993: 173-4)

Uulitin ni Jacinto ang kahulugan ng “Katagalugan” na nabanggit na sa itaas. Aniya, “Ang Bayan na dito’y sinasabi ko ay hindi ang kapisanan ng mga taong nananahan sa gayong lugar, kundi ang katipunan ng lahat ng Tagalog; ng lahat ng tumubo sa Sangkapuluan.” Nangangailangan ang katipunan/pagkakaisa/bayan ng isang pinakaulo na siyang tatawaging Pamahalaan o Gobyerno. Ito ang makapagbibigay ng “magandang ayos, makapagpanatili ng tunay na pagkakaisa at makapag-akay sa hangganang ninais.”

At sa Pamahalaan, ang gaganap ng mga tungkulin ay tatawaging mga Pinuno ng Bayan na walang tanging tungkulin kundi “umakay sa Bayan sa ikagiginhawa.” “Ang kaginhawahan, wala na kundi ang kaginhawahan ng Bayan, ang siyang talagang katwiran at kadahilanan,

ang simula't katapusan, ang hulo't wakas ng lahat ng katungkulan ng mga tagapamahala." Bagamat mga pinuno, hindi sila higit na mataas kaysa sa madla sapagka't sa Bayan nagmumula ang kanilang kapangyarihan. "Wala na kundi ang kaginhawahan ng Bayan ang tunay na sanhi ng alinmang kapangyarihan sa ibabaw ng lupa. Pagkat ang Bayan ay siyang lahat: dugo at buhay, yaman at lakas, lahat ay sa Bayan." May pagkakataong aagawin ng mga pinuno ang karangalan at yaman ng Bayan at yayaman ang masasama at lilitaw ang mga palalo. Isang malaking kamalian ng mga taong "nagpupumilit magpasikat ng kapangyarihan sa kaparaanan ng lakas ng baril!" Ang mga ito'y aayaw kumuha ng aral sa kasaysayan, "sa mga nangyaring kakilakilabot sa mga nagdaang panahon." Ngunit ang lahat ng ito mapipigilan ng "paglilwanag ng isip ng Bayan at ang bagong paguugali" lilikhain ng pagsunod sa mga aral ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan. (Almario, 175-176)

Ang mga kaisipang nabanggit ay payak, malinaw, tahas, mariin, matimpi at hindi masalimuot. Walang borloloy na siyang katangian ng mga mapagpanggap. Hindi maaring sabihing alingawngaw lamang ang mga ito ng mga sulatin ng mga pilosopo ng *Enlightenment* sa Europa o ng rebolusyon sa Pransiya. Walang kodipikasyong sukat ipagmalaki ang mga propagandistang ilustrado na katulad nito. Ngunit ang *Liwanag at Dilim*, katulad ng iba pang akda ni Jacinto at Bonifacio, sapagkat obra ng walang uri sa lipunan at hindi nakapagaral ay itinuring na walang halaga. At dahil mababang uri ay maaaring ipagwalang bahala na walang bisa at hindi epektibo.

Sa nakaraang isang daang taon ay halos hindi napansin ang mga sulatin nina Bonifacio at Jacinto na kung lilimiin at bubungkalin para sa mga yamang diwa dito ay makakuha ng sapat na patnubay sa paghanap ng solusyon sa mga suliranin ng bayan. Sa nakaraang isang daang taon, nagkalat sa kasaysayan ang mga pagkabigo ng bayan at ng mga punong bayan sa tungkuling mapanuto ng bayan. Panahon na marahil upang magbalik sa diskurso ng himagsikan ng 1896 at gawing patnubay ito tungo sa pagbawi ng kaginhawaan ng bayan.

## Talaaklatan

- Achutegui, Pedro S., S. J. at Miguel Bernad, S. J. *Aguinaldo and the Revolution: A Documentary History*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila, 1972.
- Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1993.
- Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Sa kolaborasyon ni Letizia R. Constantino. Lungsod Quezon: Tala Publishing Services, 1975.
- Corpuz, Onofre D. *The Roots of the Filipino Nation*. Lungsod Quezon: Aklahi Foundation, Inc., 1989. 2 tomo.
- Guerrero, Milagros C, Emmanuel N. Encarnacion at Ramon N. Villegas, "Andres Bonifacio and the 1896 Revolution," *Sulyap-Kultura*, Blg. 2, 1996, pah. 3-12.
- Joaquin, Nick. *A Question of Heroes*. Makati: Ayala Museum, 1977.
- Morga, Antonio de. *Sucesos de las Islas Filipinas*, nilimbag sa Mexico, 1609. Anotado ni Jose P. Rizal at may prologo ni Fernando Blumentritt. Paris: Garnier, 1890.
- Ricarte, Artemio. *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila*. Yokohama, Hapon, 1927.
- Ronquillo, Carlos. *Paghihimagsik Nang 1896-1897*. Hongkong, 1897. Hindi nalathalang gunita ng himagsikan.
- Sastron, Manuel. *La Insurreccion en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en el Archipiélago*. Madrid: Impr. de la Sucesora de M. Minuesa de los Rios, 1901.
- Schumacher, John N., S. J. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Lungsod Quezon: Limbagan ng Ateneo de Manila University, 1991.